REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 90-136

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN ANG ISANG PAHINANG PATALASTAS SA SOUVENIR PROGRAM UPANG BATIIN ANG WOMEN COUNCILOR'S LEAGUE OF THE PHILIPPINES, INC. (WCLPI) SA KANILANG CONVENTION SA HALAGANG ₱5,000 AT HINIHILING SA PUNONGBAYAN NA MABIGYAN NG KAUKULANG PANSIN AT PAGPAPASIYA ANG KAPASIYAHANG ITO.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pagpapatibay ng Sangguniang Bayan sa isang pahinang patalastas sa Souvenir Program upang batiin ang Women Councilor's League of the Philippines, Inc. (WCLPI) ay bilang mataas na pagkilala sa samahang ito;

SAPAGKAT, ang simulain at layunin ng samahang ito ay tumutugon sa tunay na kahulugan ng mataos, makatao at matapat na naglilingkod sa pamahalaan ;

SAPAGKAT, ang papel na ginagampanan ng mga kababaihan sa lipunan ay lubos na kinikilala sa pamumuno, pamamahala at iba pang larangan ng paglilingkod at patuloy na sumusulong sa kasalukuyang panahon;

SAPAGKAT, ang samahang ito ay isang mabisang paraan tungo sa pagkakaisa at pagkakapatiran;

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na pagtibayin ang isang pahinang patalastas sa Souvenir Program upang batiin ang Women Councilor's League of the Philippines, Inc. (WCLPI) sa kanilang convention sa halagang ₱5,000 bilang pagtataguyod sa nasabing samahan.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang siyamnaput-tatlong pangkaraniwang na pulong na ginanap noong ika-12 ng Pebrero, 1990.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

G. RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan